## APPLICATION

- May mga bahagi ba ng iyong buhay kung saan may minahal kang bagay o tao nang higit pa sa pagmamahal mo sa Diyos? Paano mo maisasapamuhay ang natutunan mo itong araw na ito?
- Paano mo mapararangalan at mapahahalagahan ang Diyos nang higit sa lahat (sa pamamagitan ng iyong oras, pamamaraan ng pagdedesisyon, o maging ng iyong mga relasyon)?
- Sino ang maaari mong matulungan upang sumunod sa Diyos? Paano mo magagawang tulungan ang taong ito na mahalin ang Diyos higit sa lahat, simula ngayong linggong?


## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Banal na Salita at kung paano mo Siya nakikila sa araw-araw sa pamamagitan nito.
- Ipanalangin na ikaw ay magkaroon ng dedikasyon sa Diyos nag higit sa lahat, sa bawat araw ng iyong buhay.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng katapangan at lakas ng loob na ibahagi sa ibang tao ang mga ginawa Niya sa iyong buhay, at na sila din ay maging taga-sunod Niya.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 3**

# "Kamuhian ang Iyong Pamilya"

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang unang-una mong ginagawa tuwing Lunes? Sabihin kung ano ang iyong kinaugaliang gawin sa araw-araw.
- Kaninong opinyon ang iyong pinahahalagahan nang higit pa sa lahat?
- Ibahagi ang isang papuri na iyong natanggap kamakailan lamang. Ano ang iyong naging tugon dito?

**WORD**

*[26]"Ang sinumang nais sumunod sa akin, pero mas mahalaga sa kanya ang kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid at maging ang kanyang sarili ay hindi maaaring maging taga sunod ko. [27]Ang sinumang ayaw sumunod sa akin dahil natatakot siyang mamatay para sa akin ay hindi maaaring maging tagasunod ko.* **LUCAS 14:26,27**

---

Ang isa sa mga pinaka nakagugulat na pahayag ni Jesus ay makikita sa Lucas 14:26. Subalit nais ba Niya na ating kamuhian ang ating pamilya? Nang sinabi ito ni Jesus, kanyang hinahamon ang mga tao na mahalin Siya nang higit sa lahat. Ang "pagkamuhi" sa ating pamilya ay nangangahulugan lamang ng pagmamahal sa kanila na hindi hihigit sa pagmamahal sa Diyos. Sa katunayan, iniuutos sa Bibliya na ating parangalan ang ating ama at ina. Subalit kung ang Diyos ay ganap na Panginoon ng ating buhay, ang ating dedikasyon sa Kanya ay mangunguna sa anumang relasyon o sa kung sinumang tao, maging sa ating pamilya. Sa araling ito, ating makikita ang kahulugan ng pagmamahal sa Diyos nang higit pa sa lahat.

## 1 Parangalan ang Diyos nang higit sa lahat.

*"Iginagalang ako ng mga taong ito sa mga labi lang nila, ngunit malayo sa akin ang kanilang mga puso."* **MATEO 15:8**

Ang pagpaparangal sa Diyos ay pagbigigay sa Kanya ng pinakamataas na papuri at paggalang hindi lamang sa pamamagitan ng ating mga labi kundi maging ng ating mga puso at ng ating buhay. Kung Siya ay tunay nating pinararangalan, bakit hindi dapat malayo ang ating mga puso sa Kanya?

## 2 Pahalagahan ang Diyos nang higit sa lahat.

*Kaya unahin ninyo ang mapabilang sa kaharian ng Diyos at ang pagsunod sa kanyang kalooban, at ibibigay niya ang lahat ng pangangailangan ninyo.* **MATEO 6:33**

Ang pag-una sa Diyos ay pagpapahalaga sa Kanya at sa Kanyang kaharian nang higit pa sa anuman o sa sinuman. Ito ay nangangaluhugan na Siya ang nangunguna at ang may pinakamahalagang lugar sa ating buhay. Paano mo natutunan na pahalagahan ang iyong relasyon sa Diyos nang higit pa sa anumang bagay?

## 3 Sumunod sa Diyos nang higit sa lahat.

*[19]Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao." [20]Iniwan nila agad ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.* **MATEO 4:19,20**

Kung ating mamahalin ang Diyos nang higit sa lahat, nangangahulugan ito ng ating pagsunod ano man ang maging kapalit. Sino ang hindi nararapat na maging tagasunod ni Jesus (Lucas 14: 26,27)?